

MGA HALIGI NG KONSERBAYON

Mga Hadlang
May kakulangan sa impormasyong nakalap tungkol sa mga pating, palaisdaan, at mga lipunang nakasalalay sa mga ito, dagdag pa sa kakulangan ng sosyolohikal na pag-aaral.

- Makalikha ng talaan o directory ng mga kaalaman at research tungkol sa mga pating
- Mapalaganap ang pagtutulongan at pamamahagi ng kaalaman sa isa't isa
- Mapainam ang pananaliksik at pag-aaral sa pamamagitan ng kaunlaran

Mga Sunod na Hakbang
Higit na pananaliksik upang mapaunlad, magamit, at mapahusay ang mga polisiyang nakabase sa mga siyentipikong pag-aaral

- Magamit ang mga tauhan at kakayahang pinansyal upang mapahusay ang pananaliksik
- Mapunan ang mga kakulangan sa datos

Mga Hadlang
Kulang ang alam o walang interes ang publiko sa mga pating.

- Makabuo ng epoktibong balangkas ng komunikasyon
- Masiguro na nababati ang mga publikasyon at kaalamang lokal
- Makalikha ng mga materyal na umayon sa publikong inaabot nito
- Maisagawa ang mga kampanya tungkol sa adbokasiya

Mga Sunod na Hakbang
Palawakin ang naabot na publiko, at pasiklabin ang interes ng mga ito sa konserbasyon.

- Makabuo ng mga plataporma upang mapalaganap ang impormasyon
- Mapayabong ang mga ugnayan ng tao sa kalikasan
- Makalap ang mahahalagang batas at makapagpalaganap ng mensahe ukol sa polisiya

Mga Hadlang
Hindi pa nababati ng mga sektor (stakeholder) na may ginagampanan ang lahat sa larangan ng konserbasyon ng mga pating.

- Konsultahin ang mga sektor nang makahanap ng alternatibong mga pamamaraan
- Suportahan ang kapasidad ng mga sektor
- Makapagpalahok sa mga programang pangkasanayan, gawing pananaliksik at pagbabantay, at paglida ng mga proyekto

Mga Sunod na Hakbang
Kinakailangang magkaisa at makipagtutulongan ang lahat ng mga sektor (stakeholder)

- Maibaba ang bilang ng mga nahuhuli sa pangingsida at di-sadyang paghuli hanggang sa maging makakalikasan (sustainable) ito
- Makatanggap ng supporta mula sa mga lokal na pamahalaan

Mga Hadlang
Hindi natutugunan ng mga kasalukuyang batas ang mga isyu ng konserbasyon ng mga pating

- Matukoy ang mga pagtutuunan na mga uri (species) at lugar
- Makapagtagala ng mga kakilala't kaayodo na makatutulong sa lehislatibong aspekto
- Makapagtaguyod ng mga plano para sa lokal na implementasyon
- Surin at maipagparis ang mahahalagang mga batas

Mga Sunod na Hakbang
Makagawa ng legal na balangkas, polisiya, at batas, nang sa gayon masiguro ang konserbasyon ng mga pating

- Konsultahin ang mga tampok na sektor
- Makapagtaguyod at maisaoperasyon ang mga mekanismo ng pagbabantay at pangangasiwa
- Makabuo at makapagpatalbo ng mga programang pangkasanayan (training programs)

Pirmahan ang petisyon!



SUPORTAHAN ANG PAGPASA NG SHARK, RAY, AND CHIMAERA CONSERVATION ACT!

bit.ly/conservephsharks

Save Sharks Network Philippines

@SaveSharksPH

savesharksnetworkph@gmail.com

#ConservePHSharks

PATING, SAAN KA' PARARATING?

2020 Conservation Roadmap for Sharks and Rays in the Philippines



Nagsisilbing gabay para sa sari-saring mga stakeholder o sektor ang 2020 Daan Tungo sa Konserbasyon ng mga Pating at Pagi sa Pilipinas o 2020 Conservation Roadmap for Sharks and Rays in the Philippines (2020 Roadmap). Nilalayan nitong tulungan ang mga sektor na lumahok sa mga sumusunod: ang pagpapaunlad ng pangangasiwa ng mga palaisdaan, ang pagtatanggol sa mga banta sa buhay ng mga pating, at ang pagpapalaganap ng mga makakalikasang palaisdaan.

Sa pamamagitan ng konserbasyon ng mga pating, nilalayan ng 2020 Roadmap na maibalanse ang dalawang salik: ang pangangailangan ng mga tao, at ang integridad ng sistemang pang-ekolohiya sa mga karagatan ng Pilipinas.



Nagagamit ang termino na "sharks" o "pating" bilang kolektibong pagpapangalan sa lahat ng pating, pagi, at mga chimaera. Nanggagaling silang lahat sa klase na **Chondrichthyes**, na may mahigit sa **isang libong (1,000) uri o species** sa buong mundo.

Mahalaga ang papel na ginagampanan ng mga pating sa sistema ng karagatan, sa itaas man o sa ibaba ng herarkiya. Kung mawawala ang mga pating, maaaring ganap na magbago ang ugnayan ng mga predator (nangangain) at prey (kinakain), na maaapektuhan ang kabuuan ng karagatan.



Tinatayang may 200 uri ng pating na matatagpuan sa Pilipinas, subalit maaaring higit pa dito ang tunay na bilang.

Ang karne ng mga pating ay ginagamit sa mga putahe at iba pang pagkain tulad ng fishballs.



Ang palikpik ng mga pating ay ginagawang shark's fin soup, na inaangkat din ng ibang bansa.

Ang kartilago at langis mula sa atay ng mga pating ay ginagamit sa mga produktong pangkalusugan (health supplement), pangkosmetiko, at pang-alaga sa sarili (personal care products).




Ang balat ng mga pating ay ginagawang burloloy o muwebles (furniture) sa bahay.

Ang buntot ng mga pagi ay ginagamit bilang anting-anting.



Ang gill rakers ng mga pagi ay ginagamit sa mga tradisyonal na gamot.

Sa kasalukuyan, **21 uri** lamang ang **napoprotektahan** ng mga batas ng Pilipinas.



2nd Ika-2 sa South East Asia pagdating sa dami ng uri ng mga pating (shark biodiversity), sumunod lamang sa Indonesia

2nd Ika-2 sa buong mundo na may pinakamaraming natala na pagkakita sa malap na megamouth shark (may bilang na 21, sumunod lamang sa Taiwan)

4th Ika-4 sa buong mundo pagdating sa dami ng uri ng mga pating (shark biodiversity), sumunod sa Australia, Indonesia, at Japan

2nd Pagkatapos ng Maldives, ang Pilipinas ang ikalawang bansang nagpasyang protektahan ang mga butanding.

Mula sa alaala ng pagbisita niya sa Singapore Botanical Gardens noong 1882, iginuhit ni Dr. Jose Rizal ang isang mobulid ray.

May 1,180 na naitatalang mga indibidwal na butanding sa Pilipinas (Enero 2018)

Sapagkat tanyag sa larangan ng turismo, nasama ang larawang ng butanding sa 100-Piso Paper noong 2010.

KALABAN NG MGA PATING

Maraming banta sa kalusugan at kaligtasan ng mga pating, bukod pa sa kakulangan ng proteksyon sa buong bansa.

DIRECTED FISHERY
Pinagkakakitang ang karne, palikpik, at gill rakers ng mga pating, na nagagamit sa mga produktong pangluto, pangkalusugan, at pangkultural.

LUBOS NA PANGINGISDA
Maituturing na lubos-lubos ang pangingsida sa 10/13 na palaisdaan sa Pilipinas, na sanhi ng pagkaubos ng mga likas na yamang pandagat at pangingsida.

BYCATCH
Sa ilang di-sadyang pagkakahulih ng mga pating, napapatunayan na kailangan pang paunlarin at payabungin ang iba pang mas makalkasang paraan ng pangingsida.

MGA BASURA SA DAGAT
Maaaring mabitag sa mga plastik at iba pang kagamitang pangingsida ang mga pating, at maaaring makakain din sila ng mga basura mula sa parehong materyal.

PAGSIRA SA KARAGATAN
Dahil sa pagsira ng karagatang kumakalinga sa mga pating, hindi lamang ang mga pating ang nalalagay sa panganib, kundi marami pang ibang uri ng yamang-dagat.

KAKULANGAN SA PAGTUTUPAD NG BATAS
Maraming hindi napapatupad na batas dahil sa sari-saring mga dahilan: may mga nagsasapawan na mandato at trabaho ng iba-ibang mga ahensya ng pamahalaan, pati na rin kakulangan ng budget at kapasidad ng mga institusyon.

UNREGULATED TOURISM
Nasasaktan ang mga pating at nababago ang kanilang gawi (behavior) dulot ng mga gawing hindi sumusunod sa mga tuntunin at batas ng turismo.